# PhilHealth YAKAP

**PARA MALAYO SA SAKIT**

## *Mga Dapat Malaman*

## Ano ang PhilHealth YAKAP?

Programang mag-aalaga sa bawat Pilipino
para maging malayo tayo sa sakit

## Anu-ano ang mga benepisyo sa PhilHealth YAKAP?

**Primary Care Check-up**

**Laboratoryo**

**Gamot**

**Cancer Screening Tests**

**kung kinakailangan** ayon sa abiso ng inyong doktor sa napiling **YAKAP Clinic**.

## Saan makukuha ang mga benepisyo sa YAKAP Clinic na iyong napili?

Tingnan ang listahan ng accredited **YAKAP Clinics** sa buong bansa: I-scan ang QR code o bisitahin ang link na ito: *https://www.philhealth.gov.ph/partners/providers/facilities/accredited/YAKAP.pdf*

## Para kanino ang PhilHealth YAKAP?

**Para sa bawat Pilipino.**

Kailangan lang pumili at magpalista sa isang accredited **YAKAP Clinic**.

## Paano ko magagamit ang PhilHealth YAKAP?

1. **Magparehistro.** Tiyaking may **PhilHealth Identification Number o PIN** at updated ang iyong membership.
2. **Pumili.** Pumili ng **YAKAP Clinic** gamit ang eGovPH App, PhilHealth Member Portal, o sa pinakamalapit na PhilHealth Office.
3. **Magpa-First Patient Encounter (FPE).** Sumailalim sa FPE: medical history taking, health screening, at health education.
4. **Magpalista.** Pumirma sa ibibigay na form bilang pagsang-ayon sa kasunduang patuloy kang aalagaan ng napiling **YAKAP Clinic**.
5. **Patuloy na magpakonsulta.** Magpakonsulta para maresetahan ng kinakailangang gamot, mabigyan ng referral para sa laboratory at/o cancer screening test kung kinakailangan, at ma-assess kung kailan ang follow-up check-up.

## Saan maaaring magtanong tungkol sa PhilHealth YAKAP?

Pumunta sa mga **tanggapan ng PhilHealth o YAKAP booth sa mga piling lugar**


Para sa detalye, tumawag sa
24/7 (02) 8662-2588
www.philhealth.gov.ph
PhilHealthOfficial teamphilhealth team_philhealth actioncenter@philhealth.gov.ph


PhilHealth
*Your Partner in Health*

BAGONG PILIPINAS